

## **Pampublikong Pagpupulong**

Ang Attorney General ng California ay magsasagawa ng pampublikong pagpupulong simula sa Abril 22, 2021 nang 1:00 PM PDT sa pamamagitan ng teleconference tungkol sa iminumungkahing pagbebenta ng East Valley Glendora Hospital, LLC (na nagnenegosyo bilang Glendora Oaks Behavioral Health Hospital) ng Prime Healthcare Foundation, Inc. sa CHLB, LLC.

Bilang pagtugon sa banta ng COVID-19, naglabas si Governor Newsom ng Executive Order N-33-20 na nagpoproklama ng pagpapailalim ng California sa State of Emergency at nag-uutos sa lahat ng indibidwal na nakatira sa California na manatili sa bahay o sa lugar kung saan sila naninirahan, maliban na lamang kung kinakailangan upang mapanatili ang pagpapatuloy ng mga pagpapatakbo ng mga pederal na pangunahing sektor ng imprastraktura. Naglabas din si Governor Newsom ng Executive Order N-25-20 at N-29-20 na nagpapahintulot sa Attorney General na magsagawa ng pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng teleconference nang hindi nagtatalaga ng aktwal na lokasyon kung saan maaaring sumubaybay sa pagpupulong at magbigay ng pampublikong komento ang mga miyembro ng publiko.

Maa-access ng publiko ang pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng telepono at sa electronic na paraan. Maaaring makinig ang mga miyembro ng publiko sa pampublikong pagpupulong, o sa halip ay maaari silang sumubaybay, makinig, at magbigay ng komento gamit ang mga pamamaraang inilalarawan sa ibaba.

**Naka-post ang abisong ito tungkol sa pampublikong pagpupulong sa website ng Attorney General na may kasamang mga link at tagubilin sa kung paano dumalo sa pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng BlueJeans videoconference. <https://oag.ca.gov/charities/nonprofithosp>.**

Sa panahon ng pagpupulong, imu-mute ng moderator ang lahat ng dumalo. Hindi ninyo manual na mamu-mute o maa-unmute ang inyong mga linya.

## **MGA TAGUBILIN SA KUNG PAANO DUMALO SA PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG**

### **Computer sa pamamagitan ng Google Chrome Web Browser o BlueJeans Events App**

Para sa pinakamagandang karanasan ng user, inirerekomenda ng BlueJeans ang paggamit ng Google Chrome web browser o pag-download ng <https://apps.apple.com/us/app/bluejeans-video-conferencing/id560788314> nang libre.

Bibigyang-daan nito ang dumalo na sumubaybay, makinig, at magbigay ng komento sa pampublikong pagpupulong. Maaaring magkomento ang dumalo sa pamamagitan ng chat o maaari siyang magbigay ng mga pasalitang komento sa pamamagitan ng paggamit sa

sumusunod na link:

<https://primetime.bluejeans.com/a2m/live-event/bwgywjck>

Hilinging makipag-ugnayan nang live upang magbigay ng mga pasalitang komento sa pamamagitan ng:

1. Pagpili sa icon na Magtaas ng Kamay sa kanang bahagi ng inyong screen.
2. Pagkatapos maaprubahan ng moderator, piliin ang Magpatuloy.
3. Pagkatapos ay ililipat kayo sa isang pila.

Maghintay bago magsalita hanggang sa imbitahan kayo ng moderator na ibigay ang inyong komento. Pagkatapos ay ia-unmute ng moderator ang inyong mikropono. **Mayroon dapat kayong mikropono upang ipahayag ang inyong komento.**

### **Mobile Device**

Bibigyang-daan ng paggamit ng mobile device, tulad ng mobile phone o tablet, ang dumalo na sumubaybay, makinig, at magbigay ng komento sa pampublikong pagpupulong kung ida-download nila ang BlueJeans application.

Gamitin ang sumusunod na link upang sumali gamit ang mobile device. Aatasan ng opsyong ito ang dumalo na i-download ang BlueJeans application at bibigyang-daan nito ang dumalo na subaybayan ang pampublikong pagpupulong at magbigay ng pampublikong komento. Maaaring magbigay ng komento ang dumalo sa pamamagitan ng window ng chat o sa pamamagitan ng pagsasalita. Kung hindi ida-download ng dumalo ang BlueJeans application, makakapakinig lamang ang dumalo at hindi siya makakapagbigay ng komento.

a) Buksan ang link na ito: <https://primetime.bluejeans.com/a2m/live-event/bwgywjck>

b) I-download ang app kung wala pa kayo nito

c) Ilagay ang event ID upang sumali: bwgywjck

### **Telepono**

Bibigyang-daan ng paggamit ng telepono ang dumalo na makinig lamang sa pampublikong pagpupulong ngunit hindi nito bibigyang-daan ang dumalo na subaybayan ang pampublikong pagpupulong o magbigay ng komento.

I-dial ang isa sa mga sumusunod na numero, pagkatapos ay ilagay ang PIN ng kalahok na sinusundan ng # upang kumpirmahin:

+1 (415) 466-7000 (US)  
PIN: 5245957 #

O

+1 (760) 699-0393 (US)  
PIN: 2983346016 #

### **Suporta ng BlueJeans**

Ang numero ng serbisyo sa customer ng BlueJeans ay: +1 (408) 791-2830  
Maaari ding i-access ng mga dumalo ang suporta sa: <https://support.bluejeans.com>

### **Layunin ng pampublikong pagpupulong**

Ang layunin ng mga pampublikong pagpupulong ay ang makatanggap ng mga komento tungkol sa iminumungkahing pagbebenta ng East Valley Glendora Hospital, LLC (na nagnenegosyo bilang Glendora Oaks Behavioral Health Hospital) ng Prime Healthcare Foundation, Inc. sa CHLB, LLC.

**Hinihikayat ang mga tao na ipadala nang nakasulat ang kanilang mga pananaw tungkol sa iminumungkahing transaksyon sa Tanggapan ng Attorney General ng California sa pamamagitan ng pag-email sa [Lily.Weaver@doj.ca.gov](mailto:Lily.Weaver@doj.ca.gov) o sa pamamagitan ng pagpapadala ng kopya sa pamamagitan ng mail kay Lily Weaver, ang Deputy Attorney General, sa 1300 I Street, Sacramento, CA 95814. Ang deadline para sa pagtanggap ng mga nakasulat na komento ay Abril 22, 2021 bago ang 5:00 PM PDT.**